KALATAS
Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan
TOMO 40 BILANG 5 BASAHIN AT TALAKAYIN MAYO 2020

EDITORYAL

# Pinatindi ng krisis ng COVID-19 ang galit ng mamamayan sa inutil at kriminal na rehimeng US-Duterte

Mas matinding kahirapan sa mamamayan at hindi ang pagsugpo sa krisis ng pandemyang COVID-19 ang hatid ng mga militaristang hakbangin ng rehimeng US-Duterte. Nagpatung-patong na mga suliranin at higit na pagkalugmok ng ekonomya ang sinapit ng bansa sa gitna ng kainutilan, kabagalan at malalang burukratikong korapsyon ng rehimen sa pagharap sa pandemyang COVID-19.

Sa nakalipas na implementasyon ng *enhanced community quarantine* (ECQ) sa iba't ibang lalawigan sa Timog Katagalugan, mahigit sa kalahating milyong manggagawa na ang pansamatala at maaaring tuluyang mawalan ng trabaho dahil sa pagsasara ng mga empresa sa rehiyon at pagtigil ng operasyon ng mga ito. Habang tumatagal ang mga militaristang hakbangin ng rehimen, lalong dinaranas ng milyong manggagawa at mamamayan ng TK ang matinding paghihikahos at kagutuman.

Kung pagbabatayan ang mga datos ng Department of Labor and Employment, nasa 99,178 manggagawa ang pansamantalang nawalan ng trabaho sa CALABARZON at 30,721 naman ang tuwirang apektado ng ipinatupad na ECQ sa Luzon. Lubhang napakababa ang mga datos na ito kung ikukumpara sa aktwal na bilang ng manggagawa sa CALABARZON pa lamang na 350,000 hanggang 400,000, hindi pa kabilang ang mga impormal na sektor at mamamayang nabubuhay sa kada araw na pagtatrabaho (*daily wage earner*) na tuwirang apektado ng ECQ.

Kulang na kulang din ang bilang ng mga manggagawang nabigyan ng ayuda ng Department of Labor and Employment (DOLE) na aabot lamang sa 856,000 o katumbas ng 0.8% lamang ng 10.7 milyong mga manggagawang nasa *formal sector* ang napagkalooban ng P5,000 ayuda ng DOLE sa ilalim ng COVID-19 Adjustment Measures Program (CAMP) habang nasa 52,000 (1%) lamang ng kabuuang 5.2 milyong



KALATAS

Mayo 2020
TOMO 40 BILANG 5

NILALAMAN

1 *Editoryal: Pinatindi ng krisis ng COVID-19 ang galit ng mamamayan sa inutil at kriminal na rehimeng US-Duterte*

3 *10 TO sa Mindoro at Palawan, bumigo sa larga ng FMO sa mga isla*

4 *Ang papel ng neoliberalismo sa paglitaw ng COVID-19 sa daigdig*

6 *Kadumagetan: Magkapit-bisig para ipaglaban ang lupaing ninuno*

8 *Maikling pasada sa pagsulong ng kilusang manggagawa sa TK sa ilalim ng rehimeng US-Duterte*

9 *Tugon ni Patnubay de Guia: Paano matatamo ng masang anakpawis ang kanilang mga demokratikong karapatan?*

8 *Pagdiriwang ng Mayo Uno, nagpatuloy sa kabila ng pasistang lockdown*

12 *Kultura: Manggagawa ako, NPA ako!*

14 *Nang kami ay matutong magkwenta*

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng patnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

st.kalatas@gmail.com

balikwastk.wordpress.com

*non-agricultural informal earners* ang nabiyayaan ng ayuda ng iskemang *work-for-pay.*

Ang masaklap pa, maagap na nagdeklara ang reaksyunaryong gubyerno ng pagkaubos ng pondong nakalaan para sa krisis ng COVID-19 na P275B nang walang malinaw na detalye saan ito napunta. Batbat ng korupsyon ang pamamahagi ng Social Amelioration Fund (SAF) ng DSWD at mga lokal na gubyerno, maraming hindi nakatatanggap sa gitna ng halos panlilimos na ng malaking bilang ng mamamayan.

Bukod sa pagbabawal sa pagtatrabaho dulot ng mga *lockdown* at ECQ, sinasamantala rin ito ng ilang mga kapitalista upang isagawa ang mga iligal na tanggalan laluna ng mga manggagawang kasapi ng mga unyon. Nagpatupad ang ilang pagawaan ng *flexible work arrangements* tulad ng pagbabawas ng oras o araw ng paggawa at pagbabawas din ng mga manggagawa na siyang sasalo ng bulto ng produksyon.

Bukod sa mga manggagawa sa mga empresa, bumibilang nang milyon ang mga manggagawa sa serbisyo kabilang ang mga manggagawa sa transportasyon ang nawalan din ng hanapbuhay sa gitna ng ECQ ng rehimeng US-Duterte. Malaki rin ang naging epekto nito sa mga kanayunan sa rehiyon dulot ng pagkaantala at pagkabalam ng pagluluwas ng mga produktong bukid tungo sa iba't ibang pagawaan at mga pamilihan dahil sa militaristang kontrol ng rehimeng US-Duterte sa galaw ng mamamayan at kanilang mga aktibidad.

Sa gitna ng muling pagluluwag at pagbibigay-pahintulot ng rehimen na paganahin ang mga 'esensyal na industriya' kasabay ng pagdedeklara ng *general community quarantine* (GCQ) sa malaking bahagi ng Luzon at *modified ECQ* naman sa malalaking sentro nito ng industriya at komersyo, nananatili ang kawalang-katiyakan ng trabaho sa panig ng mga manggagawa. Sa ilalim ng bagong kaayusan mula nitong ikalawang hati ng Mayo, 50% lamang ng *total work force* ng mga pagawaang ito ang papayagang magtrabaho.

Malaking bilang pa rin ng mga manggagawa ang walang trabaho at hindi nakatatanggap ng regular na tulong o ayuda mula sa reaksyunaryong gobyerno. Sa kabilang banda, malaki ang panganib sa hanay ng mga papasok muli sa trabaho na mahawaan ng COVID-19 dulot ng napakababang kalidad ng serbisyong pangkalusugan sa bansa.

Kasabay nito, matapos alisin ang *total lockdown* sa malaking bahagi ng bansa, mistulang tinalikuran na ng rehimen ang responsibilidad nito sa taumbayan sa deklarasyon nito ng pagtatanggal ng SAF sa mga probinsyang isinailalim na lamang sa GCQ. Tinukoy rin ng DOLE na ang mga manggagawang papasok ng trabaho sa mga lugar na nasa ilalim ng GCQ ay hindi na makatatanggap ng *hazard pay*.

Sa gitna ng krisis na dulot ng COVID-19 at mga militaristang hakbangin ng rehimeng US-Duterte, higit na kailangan ang pagkakaisa at lakas ng mga manggagawa at mamamayan upang igiit at ipaglaban ang mga karaingan ng mamamayang nagugutom dahil sa kriminal na kapabayaan ng reaksyunaryong gubyerno. Susi sa paglutas sa krisis sa COVID-19 ay ang pagpapalahok at pagmomobilisa sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan para pigilan ang paglaganap ng pandemya. Nangangailangan ito ng puspusang pagmumulat at pag-oorganisa sa populasyon.

Sa pakikibaka ng mga manggagawa at mamamayan laban sa COVID-19, higit nilang napatatalas at nahahasa ang kanilang kakayahan upang labanan ang inutil na rehimeng US-Duterte hanggang sa tuluyang ibagsak ito. Lumalakas ang kanilang hanay upang suungin ang mga pakikibaka para sa kanilang mga demokratikong karapatan laban sa nakakubabaw na imperyalistang paghahari sa buong daigdig.

Sa mga komunidad sa kalunsuran at kanayunan, dapat nilang ipatupad ang iba't ibang hakbangin na hindi makakasagka sa kabuhayan ng mamamayan at naibibigay ang mga pangunahing pangangailangan ng bawat pamilya tulad ng pagkain at serbisyong pangkalusugan sa gitna ng pandemyang COVID-19. Dapat nilang kolektibong mapakilos ang mamamayan upang puksain ito at sa pagpapatupad ng mga *lockdown* taliwas sa mga ginagawang militaristang hakbangin ng rehimen.

Nasa pusisyon ang mga manggagawa kasama ang malawak na hanay ng mamamayang Pilipino na singilin at pagbayarin ang rehimeng US-Duterte sa kriminal na kapabayaan nito at malalang burukratikong korapsyon. Nasa kanila ang lahat ng karapatan para hilingin ang tulong at ayuda sa anyo ng libreng serbisyong panlipunan at pinansyal na suporta.

Ang digmaan laban sa COVID-19 ay bahagi ng mas malawak na digmaang inilulunsad ng mamamayan sa pamumuno ng uring proletaryado at karugtong ng digma laban sa militarista at pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte. Kaya't sa balangkas ng digmang bayan, dapat na higit na maging solido ang pagkakaisa ng mga batayan at aping uri sa lipunang Pilipino, ng malawak na hanay ng magsasaka at manggagawa. Dapat nilang kabigin at organisahin ang mga siyentista at mga propesyunal, intelektwal at iba pang panggitnang uri sa kalunsuran man o kanayunan. At habang lumalala ang krisis ng COVID-19, higit na dumarami ang tumutuligsa sa rehimeng US-Duterte maging sa hanay ng mga reaksyunaryo sa bansa upang ganap na maihiwalay si Duterte at kanyang mga kasabwat-militar.

Lumipas man ang krisis na dulot ng COVID-19, hindi na mababawi pa ang kabiguang natamo ng pandaigdigang sistemang kapitalismo na siyang nagdulot ng matitinding kahirapan sa mamamayan ng daigdig. Pinatunayan lamang ng pandaigdigang krisis na ito na wala sa pusisyon ang kapitalismo na ipagtanggol ang mamamayan ng mundo laban sa hambalos ng mga katulad na krisis. Sa pinakamahihirap na bansa tulad ng Pilipinas na nahaharap sa pamalagiang krisis tiyak na makailang-ulit ang epekto nito sa mamamayan.

Babalikan ng mamamayan ang kasaysayan at tiyak na huhusgahan at pagbabayarin nito ang rehimeng US-Duterte para sa kanyang kriminal na kapabayaan sa pagharap sa pandemyang COVID-19. Sa kawalan ng sama-samang pagdiriwang at pagkilos sa pandaigdigang araw ng paggawa nitong Mayo Uno dahil sa pandemyang ito, nananatili at lalo pang nag-aalab ang kanilang hangarin na ipaglaban ang kanilang mga karapatan at higit na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan sa mas mataas na antas hanggang sa ganap na ibagsak ang naghaharing sistemang mala-kolonyal at malapyudal sa bansa. Paborable para sa rebolusyonaryong kilusan ang mga kalagayan upang ilunsad ang digmang bayan. Lalo pang pinataba ang lupa ng krisis ng COVID-19 para sa demokratikong rebolusyon na layong kamtin ang tunay na kalayaan at ganap na demokrasya upang hawanin ang landas tungong sosyalismo.

*BALITANG TO*



## 10 TO sa Mindoro at Palawan, bumigo sa larga ng FMO sa mga isla

Binigo ng BHB sa Mindoro at Palawan ang *focused military operations* ng AFP-PNP sa pamamagitan ng 10 matatagumpay na taktikal na opensiba mula Mayo 6 hanggang 28. Natamo ng kaaway ang siyam na kumpirmadong patay at di tiyak na bilang ng sugatan sa mga labanan habang wala ni isang kaswalti ang BHB na naglunsad ng mga operasyong militar.

Unang pumutok ang haras riple ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro sa kampo ng CAFGU sa Brgy. Benli, Bulalacao, Oriental Mindoro noong Mayo 6. Sinundan ito ng haras riple sa kampo ng CAFGU sa Sityo Canturoy, Brgy. Manoot, Rizal, Occidental Mindoro sa parehong araw.

Patay naman ang *commanding officer* na nagngangalang Rosales at isang CAFGU ang sugatan sa haras riple na isinagawa laban sa CAA *camp* sa KM 10, Sityo Cabuyao, Brgy. Panaytayan, Mansalay, Oriental Mindoro.

Pinarusahan din ng LdGC sa operasyong haras riple ang mga pulis sa RMFB Camp sa Brgy. Cabalwa, Mansalay noong Mayo 12. Nagtamo ng tatlong sugatan ang RMFB sa nasabing labanan.

Naglunsad naman ng isnayp-haras laban sa nag-ooperasyong tropa ng 76th IBPA noong Mayo 18 sa Sityo Camilian, Brgy. Bugtong Tuog, Socorro, Oriental Mindoro. Isa ang sugatang kaaway sa isnayp. Kinagabihan ay naghagis ng granada ang BHB sa *headquarters* ng 4th IBPA sa FF Cruz, Brgy. Cambunang, Bulalacao, Oriental Mindoro.

Kinabukasan, nagharas riple ang BHB laban sa 76th IBPA sa Sityo Tigao, Brgy. La Fortuna, Socorro kung saan dalawa ang inulat na sugatan sa mga sundalo.

Nakakumpiska naman ang LdGC ng isang kalibre .22 baril sa isang operasyon nito laban sa isang elemento ng CAFGU sa Rizal, Occidental Mindoro.

Samantala, ginulantang ng Bienvenido Vallever Command-BHB Palawan ang kaaway sa pagpapasabog ng granada sa loob ng detatsment ng 3rd Marine Brigade sa Brgy. Magara, Roxas sa ganap na alas-otso ng gabi noong Mayo 22. Kasunod na aksyong militar ang haras ng BVC sa kampo ng 18th SFC sa Mantayog Falls, Bunog, Rizal noong Mayo 28 na nagresulta sa isang sugatang sundalo.

"Ang mga aksyong militar ng NPA sa rehiyon ay tugon sa patuloy na paghahasik ng teror at pasismo ng AFP-PNP sa kanayunan sa tabing ng mga tinatagurian nitong 'Covid-related missions'. Asahan ng mamamayan sa Timog Katagalugan ang paparami pang bilang ng mga aksyong militar ng BHB upang labanan ang kasalukuyang pinaiiral na *de facto* Martial Law ng rehimen," pagbati ni Armando Cienfuego, tagapagsalita ng Melito Glor Command BHB TK.

# Ang papel ng neoliberalismo sa paglitaw ng pandemyang COVID-19 sa daigdig

Kasalukuyang niyayanig ng krisis ng pandemyang COVID-19 ang pandaigdigang sistemang kapitalista. Malubhang apektado ang mga nangungunang makapangyarihang ekonomya sa daigdig gaya ng US, China, Germany, Japan, France, UK, Italy, Canada at Russia ng pandemyang ito dahil sa pagkaantala hanggang sa pagtigil ng pang-ekonomiyang aktibidad ng mundo na pinag-ugnay ng globalisasyon.

Lalo lamang inilantad ng krisis ng pandemyang COVID-19 ang matagal nang namamayaning depresyon sa ekonomiya ng daigdig na patuloy na pinagtatakpan ng mga monopolyong burgesya ng mundo sa pamamagitan ng kanilang itinataguyod na mga neoliberal na patakaran. Isiniwalat lamang ng krisis ng COVID-19 ang kabulukan mismo ng neoliberalismo na matagal nang naglulugmok sa kabuhayan ng mamamayan ng daigdig. Gayundin, nalantad ang anti-mamamayang katangian ng pandaigdigang sistemang kapitalista sa kawalang kahandaan ng iba't ibang reaksyunaryong gubyerno sa pagharap sa ganitong tipo ng krisis na pumipinsala sa mamamayang dumaranas ng makauring pagsasamantala, kahirapan at kakapusan ng mga serbisyong panlipunan.



Sa pagputok ng krisis ng pandemyang COVID-19, higit na naging bulnerable ang mayorya ng sangkatauhang napakababa ng kita, walang hanapbuhay at walang anumang impok at baon pa sa utang. Maraming industriyalisadong bayan ang napilitang itigil ang kanilang produksyon. Libu-libong *Overseas Filipino Workers* (OFW) ang nawalan na ng trabaho. Sa ngayon, nakaamba pang tuluyang mawalan ng hanapbuhay ang mahigit 200,000 OFW. Sa pagtatapos ng buwan ng Mayo, aabot sa 2,500 OFW ang nagpositibo sa COVID-19, 287 na ang namatay dahil dito. Ayon sa mga pinakahuling ulat, aabot na sa 17% ng buong *labor force* ng bansa o katumbas ng 7.3 milyong Pilipino ang walang trabaho sa gitna ng krisis ng pandemyang COVID-19.

Ang masang anakpawis ng daigdig ang pangunahing naipit sa mga ipinatupad na mga *lockdown* na may malawakang saklaw at pagsasara ng mga industriya na nagdulot ng kawalang hanapbuhay ng mamamayan at kulang na kulang ang ayuda at tulong para sa kanila ng gubyerno. Sa balangkas ng neoliberal na patakaran, isinapribado ang serbisyong pangkalusugan. Nagdulot ito ng kakapusan ng mga manggagawang pangkalusugan, pasilidad, kagamitan at gamot at napakamahal na halaga ng serbisyong medikal.

Maraming bansa ang hindi nakasabay at walang sapat na paghahanda o kumprehensibong plano man lang upang labanan

ang pandemyang COVID-19. Sa kabilang banda, inoobliga pa sila ng neoliberalismo na panatilihing bukas ang kanilang mga hangganan na naging sanhi ng pagiging bulnerable sa pagpasok ng COVID-19. Tiyak na isasalba lamang ng mga pinakamayayamang pamilya sa mundo ang kanilang mga sarili sa kapinsalaan ng mayorya ng sangkatauhan. Sa mga mahihirap na bayan, tiyak na lalong magdarahop ang mamamayan dahil sa krisis ng pandemyang COVID-19 na pinalala pa ng matinding korupsyon ng pondo na sana'y nakalaan para sa ayuda sa mamamayan.

### *Neoliberal na atake sa mamamayan ng daigdig bago ang pandemyang COVID-19*

Bago pa naganap ang krisis ng pandemyang COVID-19, matindi na ang kahirapan ng mamamayan dahil sa mga neoliberal na atake. Pagkaraang ipataw ang neoliberalismo sa buong mundo, pinatunayan lamang nito ang nagpapatuloy at tumitinding kabangkarotehan ng pandaigdig na sistemang kapitalista na sumambulat noong 2008 sa isang pandaigdig na krisis sa pinansya at tumungo sa nagpapatuloy na depresyon ng ekonomiya ng mundo hanggang sa kasalukuyan. Nagdulot lamang ito ng malawakang kahirapan sa masang anakpawis ng mundo at pinatindi rin nito ang agwat ng kabuhayan ng mayorya ng sangkatauhan sa pinakamayayamang pamilya sa daigdig.

Itinataguyod ng neo-liberalismo ang globalisasyon sa mga kliyenteng estado, sa madaling sabi ginamit ng mga imperyalistang bayan ang iba't ibang iskema, panlilinlang at matinding pambabraso upang itambol ang globalisasyon bilang solusyon sa kahirapan ng sangkatauhan. Itinulak ng neoliberalismo ang 'pandaigdigang malayang kalakalan' sa pamamagitan ng World Trade Organization, International Monetary Fund, World Bank at mga katulad na imperyalistang institusyong nagtataguyod ng kapangyarihan ng imperyalismo at paghahari nito sa ekonomiya upang itulak ang liberalisasyon ng kalakalan, pribatisasyon, deregulasyon at denasyunalisasyon ng ekonomiya ng mga bansa.

Ang mga itinataguyod nilang neoliberal na patakaran ang dahilan ng patuloy na malawakang pagkawala ng hanapbuhay ng masang anakpawis. Ito rin ang dahilan ng pagbabawas ng mga panlipunang serbisyo tulad ng kalusugan, edukasyon at pabahay. Higit pang ibinukas ng neoliberalismo ang bansa sa pandarambong ng mga dayuhang kumpanya. Inilako ng mga imperyalistang kapangyarihan ang neo-liberalismo upang higit na pagsamantalahan ang mga manggagawa, magsasaka at maging ang mga panggitnang uri. Ginamit nila ang mga neoliberal na patakaran upang pabilisin ang pag-aakumula at konsentrasyon ng kayamanan ng daigdig sa iilang pamilya lamang.

Habang patuloy ang paglala ng krisis ng labis na produksyon ng pandaigdigang sistemang kapitalistang mas madalas kaysa dati, maging ang mga nasa panggitnang uri ay bumaba ang antas ng kabuhayan at marami ang namamatay dahil sa malawakang disempleyo at kagutuman.

### *Paglaban ng mamamayan sa neoliberalismo at pandemyang COVID-19*

Habang nagpapatuloy ang krisis ng pandemyang COVID-19 sa buong mundo, tuluy-tuloy rin na tumitindi ang mga kontradiksyon sa pagitan ng mamamayan at imperyalistang kapangyarihan sa daigdig dahil sa kawalang-kakayahan ng pandaigdigang sistemang kapitalista na isalba ang sangkatauhan sa nakamamatay na sakit. Sa kabila ng mataas at abanteng antas ng syensya ng mundo, nananatiling napakabagal ang pagdiskubre ng gamot at bakuna laban sa nakamamatay na sakit. Maraming mga abanteng praktika ang mga bayan tulad ng Cuba, North Korea at Vietnam upang puksain ang COVID-19 na hindi man lamang maipatupad sa mga bansang matinding tinamaan ng sakit.

Higit na sumikip ang mundo para sa mga imperyalista dulot ng kasalukuyang krisis ng pandemyang COVID-19. Nananatiling paborable ang mga kalagayan para sa pagrerebolusyon laluna sa mahihirap na bansang katulad ng Pilipinas kung saan pinakamatingkad ang panlipunang ligalig dulot ng krisis ng pandaigdigang sistemang kapitalista. Tiyak na lalakas ang agos ng mga armadong kilusan para sa pambansang pagpapalaya at sariling pagpapasya sa mga atrasadong bansa, at mga anti-imperyalistang kilusan, na naggigiit ng pambansang kasarinlan at kalayaan sa iba't ibang panig ng daigdig.

Habang nagiging mas masahol at mapangwasak ang krisis ng imperyalismo sa buong daigdig, nakatitiyak ang panibagong pagdaluyong ng pandaigdig na proletaryong rebolusyon. Ito ang kongkretong kalagayang dapat na samantalahin ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan upang higit na magpalakas laban sa imperyalismong US at lahat ng anti-mamamayang pakana nito sa buong daigdig. Kalauna'y tuluyang ililibing ng mamamayan ng daigdig ang imperyalismo sa sarili nitong hukay upang lumaya ang lahat ng bayan at tumungo ang sanlibutan sa komunismo. K

# Kadumagetan

## *Magkapit-bisig para ipaglaban ang lupaing ninuno!*

Mapayapa ang buhay nila sa kanayunan. Madalas silang makikita sa tabing-dagat at ilog, kalapit ng kanilang mga kaingin o saanmang itinuturing nilang pook-hanapbuhay. Simple lamang silang mamuhay—magkakaingin sila para magtanim ng saging, kamote at iba pang pananim na ibebenta nila sa mga Abyang[1]; mang-uuway sila para ipalit ng konsumo sa kanilang mga Tabong[2]; mag-uuling o di kaya'y maggiginto sila. Nakatira sila sa mga kubo, habang may ilan pa ring nananatiling nakatira sa tinatawag nilang talikod-mundo[3]. Sila ang mga katutubong mamamayan sa mga lalawigan ng Quezon, Rizal, Aurora at Bulacan—ang mga katutubong Dumagat at Remontado.

### *Ang kalagayan ng mga katutubong Dumagat at Remontado*

Nakalapat ang kanilang mga paa sa lupa, na itinuturing nilang esensya ng kanilang pagkabuhay, habang sinisikap nilang abutin ang langit. Langit para sa kanila ang maipagkaloob ang kanilang lupaing ninuno at mga kailugan nito, sa halip na tayuan ng mga dambuhalang proyekto at kamkamin ng malalaking debeloper. Langit para sa kanila ang mamuhay nang mapayapa, walang mga militar na laging nananakot sa kanilang mga anak at kababaihan. Langit para sa kanilang may makain sa araw-araw at makapaglibang paminsan-minsan. Langit para sa kanila ang mapag-aral ang kanilang mga anak, para di tulad nila, ay makakuha ng mas maraming kaalaman at nang hindi maloko at mapagsamantalahan ng mga Abyang.

Pero mistula silang tinalikuran ng mundo, dahil sapul nang sila'y isilang at magkaisip, naging mailap sa kanila ang kanilang langit. Ang inaasahan nilang gobyernong kakalinga at magtuturo sa kanila, ay hindi nila naaapuhap. Walang serbisyong libre para sa kanila kaya kahit ang mga simpleng pagkakasakit ay nagmimistulang peste, at karaniwang nagiging sanhi ng kamatayan. Mas masahol pa, nagpapatupad ng mga kontra-katutubong batas ang reaksyunaryong gobyerno tulad ng Indigenous Peoples' Rights Act (IPRA) at Mining Act of 1995. Kunwaring kinikilala ng mga ito ang karapatan ng mga katutubo sa kanilang lupaing ninuno habang sinisira ang kultura at kabuhayan nila. Pangunahing ahente ng panlilinlang ng estado ang National Commission for Indigenous Peoples (NCIP) para ihain sa dayuhan at lokal na pandarambong ang mayamang lupaing ninuno ng mga katutubo at mga likas na yamang makukuha rito.

Ang kanilang malalawak na lupaing ninunong pinagkukunan ng kanilang ikinabubuhay ay ibinubukas ng estado sa pangangamkam at pandarambong ng mga lokal na naghaharing-uri at mga dayuhan. Sa kabundukan ng Sierra Madre sa saklaw ng hangganang General Nakar ng Quezon at Dingalan ng Aurora, kinakamkam ng Green Circle Properties na pag-aari ni Atty. Romeo Roxas ang 80,000 ektaryang lupaing ninuno ng mga Dumagat. Sinasakop din ang ilang komunidad ng mga Dumagat at Remontado ng proyektong Aurora Pacific Economic Zone na sumasaklaw sa 12,496 ektaryang lupain sa probinsya ng Aurora. Sa hangganan naman ng Tanay, Rizal; Infanta at General Nakar, Quezon, nakaambang palayasin at mawalan ng kabuhayan ang mahigit 400 pamilya ng mga katutubong Dumagat at Remontado dahil sa pagtatayo ng Kaliwa Dam. Ganoondin ang magiging kapalaran ng mga kadumagetan sa hangganan ng Antipolo-Rodriguez-San Mateo, Rizal kapag umarangkada na ang WAWA-Violago Dam o ang Tayabasan Transbasin Project ng sabwatang Razon-Violago. Malagim na bangungot para sa kanila ang hatid ng mga proyektong dam matapos maganap ang kalamidad na lumamon sa kanilang kabuhayan, tirahan at mga mahal sa buhay noong 2004 sa Quezon.

Liban dito, niloloko sila ng mga nagsasabwatang ahensya ng reaksyunaryong gobyerno at mga dilawang institusyon. Sa halip na turuan, sinasamantala ng mga ito ang kamangmangan ng mga katutubo. Kabilang dito ang mapagkunwaring Tribal Center for Development na kasabwat ng NCIP para pagkakitaan ang mga katutubo, tawaran ng gamumong halaga ang kanilang lehitimong pakikibaka at ibulid sila sa repormismo. Winawasak ng mga ito ang kanilang pagkakaisa at tradisyunal na paraan ng pamumuno at tinuturuan ang mga lider-katutubo na mangurakot at manloko sa kanilang hanay.

Pumapasok din sa kanilang mga komunidad ang maraming relihiyosong organisasyong instrumento ng militar at imperyalismo para wasakin ang kanilang kultura at pagkakaisa at ilayo sa rebolusyonaryong landas.

### *Paglaban ng mga Dumagat at Remontado*

Ang paulit-ulit na dislokasyon at paglapastangan sa kanilang lupaing ninuno ang nagtutulak sa kanilang alamin at kwestyunin ang kanilang kalagayan. Natutunan nilang sumama sa mga kilos protesta, makipag-dayalogo sa lokal na gobyerno para ihapag ang kanilang mga hinaing at panawagan. Mula sa pakikipaglaban para sa pagtatanggol

*1 Abyang - tawag ng mga Dumagat at Remontado sa 'mga taga-bayan' o di-katutubong mamamayan*

*2 Tabong - katumbas ng salitang 'amo' sa Tagalog; tawag ng mga katutubong Dumagat at Remontado sa mamimili ng kanilang produkto at utangan nila ng kanilang konsumo*

*3 Talikod-mundo - madeshift na bahay/kubo na yari sa isa hanggang tatlong posteng kahoy at mga dahon*

sa kanilang lupaing ninuno, pagtutol sa mga mapaminsalang proyekto ng gobyerno at dayuhan at paggigiit ng pagpapasya-sa-sarili, sinuportahan nila ang mga pampulitikang pagkilos ng iba pang mga uri at sektor sa lipunan.

Itinayo nila sa kanilang hanay ang KADUMAGETAN, ang rebolusyonaryong organisasyon ng katutubong Dumagat at Remontado sa saklaw ng Timog Katagalugan. Ito ang organisasyong nagbubuklod sa kanilang hanay para isulong ang kanilang interes sa pamamagitan ng iba't ibang anyo ng paglaban hanggang sa pinakamataas na anyo nito, ang armadong pakikibaka. Sa pamamagitan ng pag-oorganisa sa kanilang hanay batay sa kanilang pakikibakang pangkabuhayan, pampulitika at pangkultura, unti-unti nilang naihahanda ang sarili sa pagtatatag ng kanilang gobyerno.

Isa rin ang sektor ng katutubo sa pinagmumulan ng pinakamabubuting anak ng Sierra Madre na iniaambag ang sarili at pinasasampa sa BHB. Di iilan ang mga bihasa at sinasanay na Pulang kumander ng BHB na nagmula sa hanay ng mga Dumagat at Remontado. Lalo nilang minahal ang Hukbo at rebolusyonaryong kilusan sa nakitang pagmamalasakit sa kanilang hanay kung saan sila nahahasa sa iba't ibang gawain at kasanayan. Marami na rin sa kanila ang mga sinasanay na pampulitikang instruktor at giyang pampulitika na nangunguna ngayon sa pagsasalin ng mga kursong masa sa kanilang sariling lenggwahe, pagbibigay-edukasyon, gawaing kultura at propaganda sa kanilang hanay.

***Karahasan ng estado at ang ethnocentric approach***

Sa halip na tugunan ang kanilang mga panawagan, dahas ang sagot ng reaksyunaryong estado sa kanila. Isang malagim na insidente sa kanila ang pangyayari noong Disyembre 8, 2001, habang malakas ang isyu ng pagtutol ng mamamayan sa pagtatayo ng Laiban Dam, pinaslang ng mga elemento ng Task Force Panther si Nicanor "Ka Kano" delos Santos, isang lider-katutubo.

Aktibo ang AFP-PNP-CAFGU sa kanilang kontra-katutubong kampanya ng pagsupil. Karamihan sa komunidad ng mga Dumagat at Remontado ang tinayuan ng ditatsment ng militar at tuluy-tuloy na nililigalig ng mga *focused military operations at retooled community support program operations.* Malubhang takot ang idinudulot ng presensya at mga operasyong militar sa hanay ng mga kababaihan at kabataan. Pinakatampok ang ginawang pananakot at pagbabanta ng mga militar sa mga Kadumagetan sa Brgy. Umiray, Gen. Nakar, Quezon noong 2018 na nagresulta sa iligal na pag-aresto at pagdetine sa dalawang katutubo at pagbabakwit ng mahigit 50 pamilya.




Tutok din ng rekrutment sa CAFGU at Bantay Gubat at sapilitang pagpapasuko ang mga katutubong mamamayan para kontrahin ang lumalaking bilang ng sampa sa BHB mula sa kanilang hanay. May ilan sa kanilang napipilitang sumapi sa CAFGU sa takot na patayin o saktan dahil ituturing silang mga tagasuporta ng BHB at PKP. Sa pakanang pekeng pagpapasuko ng DILG at AFP sa ilalim ng E-CLIP, maraming Dumagat at Remontado ang pinaaaming kasapi at tagasuporta ng BHB kapalit ng pangakong malaking halaga bilang pabuya na sa huli'y hindi rin nila matatanggap o di kaya nama'y kulang at ibinubulsa ng mga pasista ang malaking halagang ipinangako sa masa.

Kahit naigpawan na nila ang pagiging nomadiko at natutunan na nila ang pumirme sa isang lugar at magtanim dito sa nagdaang mga taon, itinutulak silang muli na lisanin ang mga tirahan at naipundar na kabuhayan at magpalipat-lipat dulot ng paulit-ulit na operasyong militar sa kanilang mga komunidad.

Ngunit anuman ang gawin ng reaksyunaryong estado at kaaway, malalim nang nakatanim sa kamalayan ng katutubong Dumagat at Remontado ang kawastuhan at kahalagahan ng pagtahak sa landas ng rebolusyonaryong pakikibaka. Batid nilang para marating ang kanilang "langit", kailangan nilang lumaban at umanib sa sandatahang pakikibakang pinamumunuan ng Partido Komunista. Batid nilang walang ibang nagtatanggol sa kanilang lupaing ninuno at sumusuporta sa paggigiit ng kanilang karapatan sa pagpapasya-sa-sarili kundi ang rebolusyonaryong kilusan.

Patuloy na pinalalapot ng dugong inialay ng mga bayani't martir ng kadumagetan ang pagkakabigkis ng Hukbo at Partido sa kanila. At anuman ang imbing pakana ng naghaharing rehimen, hindi na mapasusubaliang ang Kadumagetan ang isa sa si masasaid na bukal ng mga Pulang mandirigma ng hukbong bayan. K

# Maikling pasada sa pagsulong ng kilusang manggagawa sa TK sa ilalim ng rehimeng US-Duterte

Patuloy na sumisigla ang militanteng kilusang manggagawa sa Timog Katagalugan at naging isa ito sa pangunahing nagbabandila sa mga pakikibaka ng kilusang paggawa sa buong bansa.

Sa unang bahagi ng pag-upo sa kapangyarihan ng rehimeng US-Duterte noong 2016, walang sinayang na panahon ang kilusang manggagawa sa TK upang igiit ang kanilang mga demokratikong karapatan at kagalingan ng mamamayan. Nakiisa ang libu-libong manggagawa sa panawagang kagyat na pagbabasura ng 'endo' o kontraktwalisasyon na pangunahing sumasagka sa seguridad sa trabaho ng mga manggagawa.

Hindi tinantanan ng mga manggagawa si Duterte sa panawagang kagyat na itaas ang arawang sahod sa P750 kada araw o minimum na pambansang buwanang sahod sa P16,000, pagbabasura sa Wage Rationalization Act at pagbuwag sa mga Regional Wage Board na nagdidikta ng mas mababang sahod ng mga manggagawa labas sa Kamaynilaan at pagwawakas ng *two-tiered wage system*.

Nang ganap na malantad ang anti-mamamayan at makaimperyalistang katangian ni Duterte, isa ang kilusang manggagawa sa TK sa nanguna sa paglaban sa pasista at mapaniil na rehimen. Sa umpisa pa lang, walang balak si Duterte na wakasan ang kontraktwalisasyon at itaas ang sahod ng mga manggagawa. Sa ilalim ng kanyang pasistang paghahari patuloy na bumaba ang sahod ng mga manggagawa, nananatiling ligal ang kontraktwalisasyon at pleksibilisasyon sa paggawa, mala-Nazi na pamamalakad sa mga engklabong industriyal, pagbabawal sa karapatang mag-unyon at magwelga, kriminalisasyon sa kilusang manggagawa, patung-patong na buwis at mga bayarin para sa mga serbisyong panlipunan, sumisirit na presyo ng mga bilihin at labis na kahirapan.


Sa mga pagawaan, lumawak ang gawaing pag-oorganisa at paglaban ng mga manggagawa, regular man o kontraktwal laban sa mga kapitalistang ganid sa tubo at patuloy na hinuhuthot ang kanilang lakas-paggawa at niyuyurakan ang kanilang mga demokratikong karapatan. Sa ilang mga pagawaan, napagtagumpayan ng mga manggagawa ang kanilang laban para sa regularisasyon sa pamamagitan ng kanilang sama-samang pagkilos.

Naipaglaban ng mga manggagawa ang pagreregularisa sa 12,622 kontraktwal batay sa mga inilabas na resolusyon ng DOLE hanggang Hunyo 2019, subalit tanging ang 445 lamang ang kinilala sa mga ito at malaking bilang pa ang hindi ipinatutupad na nagpapatunay lamang na walang pangil ang mga inilalabas na resolusyon ng DOLE. Sa halip, pinapatawan pa sila ng *illegal suspension* at iba pang gawa-gawang kaso hanggang sa tuluyang matanggal sa trabaho.

Bukod sa mga pakikibaka ng mga manggagawa sa mga pagawaan, nakiisa rin ang militanteng kilusang manggagawa sa pakikibaka ng mga nasa sektor ng transportasyon. Nakiisa ang mga manggagawa sa mga inilunsad na tigil-pasada laban sa mabilis at pamalagiang pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, Jeepney Phase-out at Jeepney Modernization.

Sa buong rehiyon, tuluy-tuloy na nakapaglulunsad ang kilusang manggagawa ng mga sosyalistang edukasyon upang pataasin ang kanilang makauri at pampulitikang kamulatan para suungin ang lahat ng labanan sa ilalim ng pasistang paghahari ng rehimeng US-Duterte.

Hangga't sumasahol ang kalagayan ng mga manggagawa at mamamayang Pilipino sa ilalim ng pasistang paghahari ng tiraniko, taksil at tutang rehimeng US-Duterte, tiyak na mag-iibayo pa ang kanilang mga pakikibaka at paglaban sa mapagsamantala at mapang-aping sistemang itinataguyod ni Duterte at kasapakat nito. Sa kasalukuyan, nasa balangkas ng pagpapataas ng antas ng paglaban ang militanteng kilusang paggawa sa rehiyon. Inaasahang sa mga darating pang panahon signipikanteng aabante pa ang mga pakikibaka ng kilusang paggawa na siyang gulugod ng kilusang masa sa kalunsuran at mag-aambag ng malaki para sa pandaigdigang anti-imperyalistang pakikibaka ng uring manggagawa. K



**TUGON**
**NI PATNUBAY DE GUIA**

# Paano matatamo ng mamamayang anakpawis ang kanilang mga demokratikong karapatan?

Sa isang malakolonyal at malapyudal na lipunang tulad ng Pilipinas, niyuyurakan at paulit-ulit na tinatapakan ang mga demokratikong karapatan ng mamamayan dahil ito'y sagka sa interes at naisin ng mga naghaharing-uring panginoong maylupa, malalaking burgesya kumprador at mga amo nilang imperyalista.

Sa ilalim ng kasalukuyang pasistang rehimeng US-Duterte, dinaranas ng mamamayan ang pinakamabibigat na pasakit. Punyal na tumatarak sa kanilang dibdib at sikmura ang mga anti-mamamayang patakaran ni Duterte. Pinakamasahol ang kalagayan ngayon ng mga Pilipino sa gitna ng pandemyang COVID-19 kung saan matapos isapanganib ng rehimen ang kalusugan ng buong bansa ay pinahigpit niya ang paggamit sa kamay-na-bakal laban sa mamamayan. Sa tabing ng pagsasaalang-alang sa kapakanan ng bayan, sistematikong ipinatanggap ng rehimen sa mamamayan na sumang-ayon na lamang kahit pa nasagkaan na ang natitirang demokratikong karapatan nila. Ang masahol pa, sinumang umalma rito ay kakasuhan pa't ikukulong.

Kaya naman malalim ang pagnanais ng mamamayang Pilipino na tamasahin ang kanilang mga demokratikong karapatan at ipaglaban ang kanilang mga demokratikong adhikain at mithiin. Nakaugat ito sa malaon nang pagsasamantala at pang-aaping ipinataw sa kanila ng mga lokal at dayong naghaharing-uri.

Sa kasaysayan, ipinamalas ng manggagawa at magsasakang Pilipino ang kanilang maka-pangyarihang lakas para igiit at tamasahin ang kanilang mga karapatang ipinagkakait sa kanila. Inoorganisa nila ang kanilang sarili sa iba't ibang mga organisasyon, samahan at mga unyon, nakikipagkaisa sila sa iba pang aping uri at sektor at sama-samang lumalaban para rito. Sa buong daigdig, nagawang maipaglaban ng uring manggagawang mapaikli hanggang 8-oras kada araw ang pagtatrabaho mula sa dating 16, 12 at 10 oras. Pinagbayaran ito ng dugo at pawis ng mga manggagawang magiting na nakibaka kahit na humarap sila sa matinding pandarahas ng mga estadong burgis.

Sa Pilipinas, kagyat na pagdating ng mga kolonyalistang Espanyol sa bansa noong ika-16 na siglo, inilunsad ng mga magsasaka sa iba't ibang bahagi ng bansa ang mahigit sa 200 pag-aalsa laban sa *polo* at tributo at iba pang paglabag sa kanilang mga karapatang sibil at laban sa kolonyalismo. Samantala, sing-aga pa ng 1861, nagsimulang magtayo ng asosasyon ang mga manggagawa para sa mutwal na pagtutulungan at benepisyo na humantong sa Cavite Mutiny noong 1872. Magkasanib-pwersa ang mga manggagawa at magsasakang Pilipino na nagsilbing bag-as ng kilusan para sa pambansang pagpapalaya ng Rebolusyong 1896. Hanggang sa digmaang Pilipino-Amerikano noong 1899 hanggang 1902 ay naglulunsad ng welga ang mga manggagawa sa imprenta para iprotesta ang panggigipit ng mga *foreman* at para sa mas mahusay na kondisyon sa pagtatrabaho at laban sa agresyon at kolonyalismo ng US. Sa panahong ito itinatag ang Union Impresores de Filipinas, ang kauna-unahang unyon ng mga manggagawa sa bansa, na sinundan ng pagtatayo ng kauna-unahang pederasyon, ang Union Obrera Democratica na naging panimulang bag-as sa pamumuno sa kilusang paggawa sa buong bansa.

Ang pakikibaka ng mga nakaraang henerasyon ng mga Pilipino ang gumapi sa kolonyalismong Espanyol at US at nagwakas sa okupasyon ng mga pasistang Hapon. Inspirasyon din ito sa nagpapatuloy na laban sa imperyalismong US at mga alipures nito hanggang kasalukuyan.

Tuluy-tuloy na nagbubuo ang mga manggagawa ng unyon para isulong ang kanilang mga pang-ekonomyang interes tulad ng pagbibigay ng makatarungan at nakabubuhay na sahod, mga benepisyo, kaseguruhan sa trabaho at maayos na kalagayan sa loob ng pabrika. Ganundin, ipinaglalaban at pinangangalagaan nila ang mga nakamit na tagumpay sa gitna ng tusong pagmamaniobra ng imperyalismo sa pamamagitan ng neoliberalismo. Hindi sila nagpapalimita sa mga tipo ng pakikibakang ipinahihintulot ng batas at naglulunsad ng iba't ibang anyo ng paglaban. Sa paglaki ng bilang ng mga manggagawang kontraktwal sa ilalim ng neoliberal na patakaran, napangibabawan ng uring manggagawa ang mga restriksyon sa pagsapi nila sa unyon sa pamamagitan ng iba pang anyo ng mga organisasyong nagtataguyod ng kanilang mga karapatan at sa balangkas ng pagwawakas sa kontraktwalisasyon.

Sa kanilang mahabang pakikibaka, namalas ng Pilipinong anakpawis na hindi nila basta tatamasahin ang kanilang mga karapatan, o magiging panandalian lamang ang kanilang mga tagumpay kung hindi ito nakasanib sa pakikibaka ng

buong bayan para sa pambansang pagpapalaya. Naging mulat ang mga manggagawa na dapat mahigpit na nakakawing ang pakikibaka ng kanilang uri sa antipyudal na pakikibaka sa kanayunan at itinataas sa anti-imperyalistang pakikibaka. Sa kabilang panig, natutunan na rin ng masang magsasaka ang pag-aangat ng kanilang pakikibaka sa anti-imperyalistang linyang kaisa ang uring manggagawa at iba pang inaaping uri.

Kung gayon, lumalahok sila sa rebolusyonaryong pakikibaka ng bayan para kamtin ang pambansang kalayaan at demokrasya. Nagsasanib-pwersa ang uring manggagawa at magsasaka para buuin ang saligang alyansa ng rebolusyonaryong Pilipino. Itinayo nila ang Partido Komunista ng Pilipinas na ginagabayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo, ang unibersal na teoryang gabay ng uring manggagawa sa buong daigdig para ibagsak ang kasalukuyang mapang-aping sistema at itatag ang kanilang estado. Sa pamumuno ng Partido, itinayo nila ang Bagong Hukbong Bayan na mayorya'y nagmula sa uring magsasaka, bilang pangunahing instrumento para tupdin ang istorikong misyong ito, sa Pilipinas at sa hinaharap ay sa buong daigdig.

Tanging ang rebolusyon ng uring anakpawis kasama ang iba pang inaaping uri sa pamumuno ng Partido Komunista ng Pilipinas ang magbibigay ng katiyakan na kanilang tatamasahin ang kanilang mga demokratikong karapatan at interes. Sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan maitatatag ang demokratikong gobyernong bayan na gagarantiya at magtitiyak na tatamasahin ng lahat ng uri at sektor ng lipunan ang kanilang mga karapatang sibil, pang-ekonomya, pampulitika, at pangkultura. Sa pagtatagumpay ng rebolusyon, ganap na lalaya ang mamamayan sa imperyalistang pananakop, lalaya sila mula sa makauring pagsasamantala, itataguyod ang indibidwal na kalayaan at pampublikong partisipasyon ng lahat sa anumang usapin, laluna iyong may kaugnayan sa kanilang panlipunang kagalingan.

Matapos ang pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan, pangungunahan ng uring anakpawis, laluna ng uring manggagawa, sa pamamagitan ng itatatag na estado ng bayan ang sosyalistang rebolusyong magtitiyak na iiral ang tunay na demokrasya, ang demokrasya ng mayorya ng mamamayang Pilipino na nakatuntong sa pambansang kalayaan at pagsasarili. Tuluy-tuloy na isusulong at itataguyod ng uring anakpawis sa pamamagitan ng PKP at estado ng bayan ang demokratikong karapatan at interes ng mamamayang Pilipino. Malinaw itong nakasaad sa 10-puntong programa ng PKP sa kanyang pambansa-demokratikong rebolusyon at 12-puntong programa ng NDFP.

Habang hindi pa nakakamit ang ganap na kalayaan ng Pilipinas, hakbang-hakbang na itinatayo sa iba't ibang antas at saklaw ang mga organo ng demokratikong kapangyarihang pampulitika ng mamamayan para tiyaking tinatamasa ng mamamayan—anumang uri, kasarian, lahi, paniniwala at relihiyon—ang kanyang mga demokratikong karapatan. K



# Pagdiriwang ng Mayo Uno, nagpatuloy sa kabila ng pasistang lockdown

Masiglang ipinagdiwang ng mga manggagawa sa Timog Katagalugan ang ika-117 taon ng Araw ng Paggawa sa Pilipinas, bagaman hindi sa paraang nakasanayan. Ayon kay Christopher Oliquino, tagapangulo ng Pagkakaisa ng Manggagawa sa Timog Katagalugan-KMU (PAMANTIK-KMU), kakaiba ang pagdiriwang ng Mayo Uno ngayong taon dahil sa kakaibang pagkakataong dala ng COVID-19. Ngunit, aniya, hindi nagsimula sa COVID-19 ang samu't-saring suliraning hinaharap ng mga manggagawa, na tinukoy niya sa "pandemyang neoliberal".

Kasama ng iba pang mga unyon at organisasyon, pinangunahan ng PAMANTIK-KMU ang pagdiriwang ng Mayo Uno. Isang *online rally* ang isinagawa ng sentrong unyon sa pamamagitan ng *social media sites* nito, pati ng mga unyong nakapaloob dito.

Hindi rin nagpakulong sa *online rally* ang mga manggagawa. May ilang sinamantala ang pagkakataong maglunsad ng mga maiigsing mga pagkilos sa loob ng kanilang mga pagawaan upang gunitain ang Mayo Uno, samantalang isinagawa ito ng iba sa kanilang mga bahay.

"Samu't saring kalamidad ang kinaharap ng mga manggagawa mula sa pagbubukas ng taon; mula sa kalamidad gawa ng kalikasan, kalamidad naman ngayon sa kalusugan, na lalong nagpalala sa kalamidad sa pagawaan. Ibayong gutom at hirap ang hatid nito dahil sa kapabayaan ng gobyerno. Sa halip na itaguyod ang kagalingan ng lahat, mapanupil na mga programa at patakaran pa ang ipinatutupad nito para sa iilan at upang mapagtakpan ang kakulangan at kapalpakan ni Duterte," ayon kay Oliquino.

Sa idinaos na *online rally,* ibinahagi ng mga lider-manggagawa ang kanilang mga karanasan sa pagbangon ng kanilang unyon, ang naging mga hamon at kasaysayan ng pagbalikwas sa pambubusabos ng kapitalista, habang itinitindig ang tunay na unyong naglilingkod sa interes ng mga manggagawa.

Naglabas ang PAMANTIK-KMU ng serye ng mga paanyaya at impormasyong nagtatalakay sa kasaysayan ng Mayo Uno at ng kilusang paggawa sa Timog Katagalugan. Hindi rin nawala ang mga kultural na pagtatanghal sa porma ng mga bidyong ipinadala ng iba't ibang mga organisasyon at indibidwal, habang nagpahayag naman ng suporta ang mga unyon at organisasyon ng manggagawa sa Mayo Uno.

Pagdating ng gabi, nagtirik ng mga kandila ang mga manggagawa at mga tagasuporta para kilalanin at parangalan ang mga martir ng kilusang paggawa, at namanatang ipagpapatuloy ang paglaban sa anti-mamamayang patakaran ng rehimeng Duterte.

Kinundena rin ng PAMANTIK ang pilit na pagpapasuko ng PNP CALABARZON sa mga manggagawa ng Coca-Cola Sta. Rosa sa isang aktibidad sa Camp Vicente Lim, Calamba, Laguna noong hapon ng Mayo 1.

Noong Abril 30 ng hapon, sinundo ng PNP ang 16 na manggagawa ng Coca-Cola matapos ang kanilang trabaho. Gamit ang mga bagong armadong ahente nito mula sa mga manggagawa tulad ni Rey Medellin, Raffy Baylosis, at Francisco Ladi, nagbahay-bahay ang mga ito sa mga komunidad ng manggagawa sa Sta. Rosa, Laguna.

Ayon sa mga biktima, kasama nila Medellin ang ilang mga elemento ng PNP upang takutin at pwersahing pigilan ang pagkilos sa unyon, habang hinihimok silang sumuko bilang NPA. K





## LdGC, binigo ang pasistang atake ng 203rd Infantry Brigade

Binigo ng isang yunit ng Lucio de Guzman Command-BHB Mindoro ang pasistang atake ng 203rd Infantry Brigade-Philippine Army noong Abril 30 sa interyor na bahagi ng Brgy. Lisap ng Bongabong, Oriental Mindoro. Aktibong nakapagdepensa ang Pulang hukbo laban sa 203rd Brigade. Ang inatakeng yunit ng LdGC ay naglulunsad ng mga aktibidad para sa malawakang kampanya laban sa pandemyang COVID-19.

Magiting na nilabanan ng yunit ng LdGC ang atake ng pasistang 203rd IBde na ilang araw na ring naglulunsad ng operasyong militar. Sinalakay ng mersenaryong tropa ang Pulang hukbo, 14 oras bago matapos ang tigil-putukang itinakda ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang tigil-putukan ay tugon ng PKP sa panawagan ng United Nations sa lahat ng armadong pwersa sa buong daigdig upang maituon ang lahat ng pagsisikap sa pagharap sa pandemyang COVID-19.

Ligtas na nakapagmaniobra ang Pulang hukbo at walang natamong anumang malalang pinsala mula sa yunit ng 203rd IBde. Samantala, ninakaw ng mga pasistang kaaway ang bigas, *groceries* at iba pang mga kagamitan na inipon ng Pulang Hukbo at ng masa na siyang ginagamit sa kampanyang medikal, edukasyon, sanitasyon at produksyon upang epektibong malabanan ang pandemyang COVID-19 sa hanay ng mga katutubong Mangyan.

Matapos ang labanan, naglunsad ng malawakang *pursuit operation* ang mga tropa ng 203rd IBde upang habulin ang yunit ng BHB na kanilang inatake. Hanggang ngayon, gumagamit sila ng hindi bababa sa 600 pwersa ng AFP at PNP para sa kanilang *focused military operation*. Apat na araw na sinuyod ng *heli-gunship* ang kabundukan ng Mindoro at ipinusisyon ang dalawang *howitzer* sa bahagi ng Barangay Manoot, Rizal, Occidental Mindoro.

Dulot ng mga operasyong militar, dagliang lumikas ang pitong pamayanan ng mga magsasaka at katutubo sa hangganan ng Bongabong, Oriental Mindoro at mga bayan ng Rizal at Calintaan, Occidental Mindoro. K

KULTURA

## Manggagawa ako, NPA ako!

Ako si Ka Leon, dating ordinaryong manggagawa. Ngayon, isa nang Pulang kumander.

Mula pa pagkabata, likas na sa akin ang mamuno. Masaya ako kapag nag-oorganisa ng mga pagtitipon, nag-aayos ng mga gusot ng mga kapwa ko kabataan at nagtataguyod ng makabuluhang mga proyekto para sa aming komunidad. Naging *SK chairman* pa ako sa barangay namin at *leader* ng *fraternity* noong *high school.*

Busog ako sa pagmamahal at pangaral sa pagpapalaki sa akin ng aking lolo't lola. Pinalaki ako nang may malasakit at pagmamahal sa kapwa. Bagamat hindi ganun kahirap ang buhay namin, hindi rin naman ganun kaalwan. Nakapagtapos ako ng *2-year vocational course* sa kolehiyo habang nagtatrabaho na sa gobyerno.

Kahit nagtatrabaho ako noon sa ahensyang itinayo sa kapritso ni Imelda, naging bahagi din ako ng pagpapatalsik sa diktadurang Marcos noong 1986. Kasama ako sa libong mamamayan na nakapasok sa Malacañang noon. Kahit alam kong maaari akong mawalan ng trabaho kapag napatalsik si Marcos, mas pinili ko ang makiisa sa taumbayan. At ganun na nga ang nangyari.

Nag-*apply* ako sa isang pribadong kumpanya ng babuyan at natanggap. Pinakamalaking *farm* pala 'yun sa Asia. Kada dalawang *building*, dalawang manggagawa ang naka-*assign* na magpakain ng mga baboy at maglinis. Mayroong tatlong seksyon sa kada yunit; *breeding section, farrowing section* at *finishing* o *fattening section.*

Ilang buwan pa lang, inuugnayan na ako ng ilang myembro ng unyon para magpa-*member*. Nung una, sabi ko'y saka na kapag naregular na ako. Pero wala pang anim na buwan, sumapi na ako.

Bukod sa mabigat ang trabaho, napakahigpit ng *management*. Suspendido kaagad kapag na-*late* o di kaya'y kahit magkamali ka lang sa loob ng pagawaan. Lagi kaming bantay-sarado ng mga *supervisor*.

Naging aktibo ako sa unyon kahit regular na ako.

Nakaprograma ang mga ED[1] namin. Lahat 'yun dinadaluhan ko. Doon ko naunawaan nang lubos ang ginagawang pagsasamantala sa mga tulad kong manggagawa. Kasama rin ako sa lahat ng mobilisasyon kahit sa labas ng pagawaan kasama ang mga magsasaka, kabataan, kababaihan at iba pang sektor.

Sa tuluy-tuloy na pagkilos, naagaw namin ang unyon sa mga dilawan. Lalo pa akong naging masikhay. Sagot ng unyon ang sahod ko kapag may mga *seminar* na dinadaluhan kaya hindi problema ang pag-*absent* sa trabaho.

Hindi na lang tungkol sa mga manggagawa ang pinag-aaralan namin kundi ang lipunan at rebolusyon, kung ano ang pinakamahalagang papel ng uring manggagawa sa pamumuno sa rebolusyonaryong kilusan.

Naging kasapi ako ng sangay sa pagawaan hanggang sa naging kalihim nito sa loob ng ilang taon. Nagtayo kami ng maraming RKL[2] sa *farm* at iba pang planta. Hindi kami nagpahanggan sa loob ng aming pagawaan lamang. Bawat kasapi'y nakikipamuhay sa magsasaka at kabataan-estudyante upang makipag-aralan at makipagkaisa sa pagsusulong ng aming mga demokratikong karapatan. Nag-organisa rin kami sa ibang mga pabrika kabilang ang pagawaan ng mga kotse, *electric appliances* at ilan pang mga babuyan at manukan.

Marami kaming naipagtagumpay na CBA[3] at ilang mga kaso na inihaharap naming mga opisyal ng unyon sa *management*. Ilan sa mga ito ang usapin kaugnay sa mga *safety gear* para sa mga manggagawa tulad ng bota at unipormeng pantalon, *service* para sa mga manggagawang malalayo ang tirahan upang hindi ma-*late*, at pagtatanggal ng anti-manggagawang mga patakaran tulad ng suspensyon sa mga manggagawa sa hindi makatwirang dahilan. Naipagtagumpay din namin ang 45 araw *paternity leave* mula sa dating 15 araw lang at 60 araw *maternity leave* naman mula sa dating 45 araw lang.

Tatlong planta ang iniikutan ko minsan sa loob ng isang linggo. Natayuan din namin ng sangay ang planta ng *main office*. Dito rin nakatalaga ang mga opisyal na dating dilawan na hindi ko tinigilan hanggang mahamig sa tunay, militante at anti-imperyalistang unyon. Dito ko naranasan ang tunggaliang kulang na lang makipagsuntukan ako sa isa sa kanila. Pero nagawa ko pa rin siyang dikitan at organisahin at kalauna'y naging malapit na kasama at kaibigan ko rin siya.

1 *ED- educational discussion*

2 *RKL- Rebolusyonaryong Kilusang Lihim*

3 *CBA- Collective Bargaining Agreement*



## *Nang kami ay matutong magkwenta*

ni Ka Emily

Isa
Dagdagan mo ng mayorya
Upang tayo ay makapagwelga

Ilang minuto
Kapag lakad-takbo
Mula Acacia hanggang Main Gate?

Ilan ang bisagra ng tarangkahan?
Ilang tulak-hila ang kailangan
Upang wasakin ang hadlang?

Dalawampu't-limang metrong trapal
Ilang kawayan ang kailangan?
Nang sa init at habagat
May masisilungan lahat.

Walong katao sa isang kilong bigas
Timplahin ang init ng tungko.
Partihing maige.
Parti-parte.
Isang tabong sabaw
Sa kaning isang balawbaw

Sampu laban sa isa.
May lalakas pa kaya
Sa manggagawang nabuo ang pasya?

Ilang libong palo?
Umulan ng bato
Umulan ng mura.

Lahat ay umuusal
Ng pitumpu't-pitong pagbabalikwas.

Nang kami ay matutong magkwenta
Tumigil na kaming bilangin ang mga araw na kami ay pagod
At mga gabing kami ay naglalamay.

Kinwenta namin ang tantos ng pagsasamantala
At ang labis na halaga na sa amin ay pinipiga

Sinukat namin ang timbangan ng lakas
Sa pagitan ng manggagawang lumilikha ng tubo
At kapitalistang walang pagsidlan ng kasakiman

Binawasan namin ang pag-aalinlangan
Dinagdagan naman ang tapang.

Nang kami ay natutong magkwenta
Binibilang na namin ngayon
Ang mga Pulang talang tumatanglaw
Sa mahahabang gabi ng aming pagpupulaw[1].

*1 paglalamay*




*Nilikha mula sa tagumpay ng welga ng mga manggagawa sa isang pabrika.*